## Alamin

Natutukoy ang mga simbolong babala o tagubilin sa pabalat ng mga produktong maaring magdulot ng panganib. (H2IS-IVg-15)

## Subukin

Panuto: Lagyan ng ( ✔ ) tsek kung ito ay mabuti sa kalusugan o sa kapaligiran at ( x ) naman kung hindi.

_____ 1. Pestisidyo
_____ 2. Plastik
_____ 3. Gulay
_____ 4. Prutas
_____ 5. Pang-kulay ng buhok

# Aralin 1 Tagubilin sa Pabalat ng Produkto

Mahalaga ang pagbabasa ng tagubilin sa pabalat ng produkto upang maging wasto at ligtas sa paraan ang paraan ng paagamit nito. Sa araling ito matutunan ang mga dapat malaman sa produktong ating nabibili sa merkado.

# Pagyamanin

Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1.  Nakita mo ang simbolong ito sa isa sa mga botelya na nakatago sa kabinet. Ano ang ibig sabihin nito?
   a. Ang produktong ito ay maaring magliyab at magdulot ng sunog.
   b. Maaring gamiting pang-siga.
   c. Ginagamit sa paglalaro.

2. Habang naglilinis kayo ng inyong palikuran napansin mo na ang panlinis ay may ganitong simbolo
   Ano ang ibig sabihin nito?
   
   a. Nakakatakot ang laman nito.
   b. Nakalalason ito kaya't huwag itong hawakan at kainin.
   c.Nakakatawa ang laman nito.

3.  Nakita mo ito sa likod ng pakete ng sitsirya na kinakin ng iyong kalaro.  Ano ang gagawin mo?
   a. Hihinggi ako ng kinakain niya para matikman ko din ito
   b. Itatapon ko ang pagkain niya para hindi na niya iyon makain
   c. Ipapaliwanag ko sa kanya na ang kahulugan ng simbolo ay maari siyang magka kanser kung patuloy siyang kakain nito.

